

Humingi ng tulong sa inyong kompanya ng telepono sa sandaling malaman ninyo na may suliranin.

Makipag-ugnayan kaagad sa inyong kompanya ng telepono upang malutas ang inyong suliranin sa serbisyo ng telepono o sa inyong babayaran.

- Tawagan ang kompanya ng telepono sa pamamagitan ng walang bayad na numero (*"toll free"*) na ukol sa serbisyonang mamimili o sa pamamagitan ng *"internet."*
- Makipag-usap sa tagapangasiwa (*"manager"*) kung kayo ay hindi nasiyahan sa pakikipag-usap sa kinatawan ng kompanya (*"customer service representative"*). Ang kawani na may mas mataas na katungkulan ay maaaring mas mayroong kapangyarihan na maiayos ang inyong suliranin.
- Maghanda bago makipag-ugnayan sa kompanya. Tipunin ang inyong mga babayaran, resibo, o anumang kasulatan. Huwag kalimutang isulat kung kailan nakipag-ugnayan sa inyong kompanya, ang pangalan ng taong kinausap at kung ano ang sinang-ayunang gagawin para sa inyo.
- Tandaan na kung minsan ay tumatagal ng ilang minuto bago makausap ang isang tao ng kompanya ng telepono kaya kayo ay tumawag kung kailan hindi nagmamadali.

Humingi ng Tulong sa CPUC kung ang Inyong Kompanya ng Telepono ay Hindi Tumutulong sa Inyo

Maaaring maghain ng sumbong sa *"CPUC Consumer Affairs Branch"* pagkatapos na kayo ay makipag-ugnayan sa kompanya ng telepono at kayo ay hindi natulungan sa inyong suliranin.

Ang CPUC ay makakatulong sa mga sumbong tungkol sa: serbisyo ng telepono, babayaran, anumang singil na hindi sinang-ayunan, o sa walang pahintulot na paglipat ng inyong serbisyo sa ibang kompanya ng telepono. Maaaring makipag-ugnayan sa CPUC sa pamamagitan ng telepono, *"internet"* o koreo.

- Sa telepono: 800-649-7570
- Sa *"Internet"*:
<http://www.cpuc.ca.gov/static/forms/complaints/index.htm>
- Sa koreo
CPUC Consumer Affairs Branch
505 Van Ness Ave.
San Francisco, CA 94102



Humingi ng Tulong sa Ibang Ahensiya kung ang CPUC ay Hindi Kayang Tumulong sa Inyo.

Kung ang kompanya ng telepono at ang CPUC ay hindi kayo natulungan, makipag-ugnayan sa *"FCC"* para sa mga katanungan tungkol sa mga tawag na galing o patungo sa ibang estado o sa ibang bansa. Makipag-ugnayan sa *"FCC"*:

- Sa *"e-mail"*: fccinfo@fcc.gov
- Sa *"Internet"*:
Sa Paggamit ng Papel ukol sa Sumbong (*"Complaint Form"*): www.fcc.gov/cgb/complaints.html.
- Sa koreo:
Federal Communications Commission
Consumer & Governmental Affairs Bureau
445 12th Street, SW
Washington, D.C. 20554
- By fax:
1-866-418-0232
- Sa telepono
1-888-CALL-FCC
(1-888-225-5322)

TTY 1-888-TELL-FCC
(1-888-835-5322)

Humingi ng Tulong Unawain ang mga buwis O mga Paksa Tungkol sa Batas.

Kausapin muna ang inyong kompanya ng telepono tungkol sa anumang katanungan sa inyong buwis o mga uri ng pagsasauli ng bayad.

- Makipag-ugnayan sa lungsod na nagpapataw sa inyo ng buwis tungkol sa mga katanungan sa panglokal na buwis.
- Maghain ng kahilingan sa hukumang sibil o makipag-ugnayan sa isang abogado kung halimbawa ay nais ninyong ang kompanya ng telepono --na nakasira ng inyong pag-aari-- ay isaui ang inyong bayad.



Kanino Magsusumbong?




Tinatangkilik ng "California Public Utilities Commission"
katulong ang mga kompanya ng
telepono at mga organisasyong pang-komunidad.

www.calphoneinfo.com

Plain Talk Series

Tagalog, Feb. 2008



Maraming paraan ang paghingi ng tulong tungkol sa inyong serbisyo ng telepono o babayaran, tulad ng:

- Makipag-ugnayan sa inyong kompanya ng telepono.
- Makipag-ugnayan sa "CPUC."
- Makipag-ugnayan sa "Federal Communications Commission."

www.calphoneinfo.com
1 (800) 649 7570 – "Hotline" ng CPUC



Keypad Kid © 2006 Charles Boyce - CompuToon Characters

SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, BISITAHIN ANG

www.cpuc.ca.gov
www.fcc.gov
www.ftc.gov

"Ako ang 'Keypad Kid' na nagbibigay ng *Serye ng Simpleng Usapan* ("Plain Talk Series") tungkol sa serbisyo ng telepono."

Kung kayo at ang inyong kompanya ng telepono ay mayroong hindi malutas ng pagtatalo, maghain ng sumbong sa www.calphoneinfo.com o tumawag sa "CPUC hotline" sa 1-800-649-7570.

Plain Talk Series Who to Complain to